

Buhay, Kamatayan, at Muling Pagkabuhay ni Jesu Cristo

Ito ay mahalaga na maunawaan natin kung bakit si Cristo ay pumarito at anong ginawa Niya para sa atin. Plano ng Dios na isugo ang Kanyang Anak na si Jesus, mula sa pasimula ng panahon. Batid Niya na magkakasala tayo at kailangan ng isang Tagapagligtas.

Sino si Cristo, inilarawan ng manunulat ng Hebreo ang katangian ni Jesus sa ***Hebreo 7:26-27***, “***26 Sapagka't nararapat sa atin ang gayong dakilang saserdoteng banal, walang sala, walang dungis, nahihwalay sa mga makasalanan, at ginawang lalong mataas pa kay sa mga langit; 27 Na hindi nangangailangan araw-araw na maghandog ng hain, na gaya niyaong mga dakilang saserdote una-una'y patungkol sa kaniyang sariling mga kasalanan at saka patungkol sa mga kasalanan ng bayan: sapagka't ito'y ginawa niyang minsan magpakailan man, nang kaniyang ihandog ang kaniyang sarili.***” Sinasabi ng talatang ito na si Jesus ay maharlikang saserdote, banal, walang sala, walang dungis, nahihwalay sa mga makasalanan.

“1 Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios. 14 At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan.” (Juan 1:1, 14 KJV) Sinasabi ni Juan na si Cristo ay ang Salita, Si Jesus bilang Salita, Siya ay sumasa Dios at Dios. Nagpatuloy si Juan sa pagsasabi na ang Salita ay naging laman, isang tao, na si Jesus, at nakita ni Juan si Jesus na namumuhay kabilang sa atin at si Jesus ay puspos ng biyaya at katotohanan.

“12 Kung sinabi ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa lupa at hindi ninyo pinaniniwalaan, paanong paniniwalaan ninyo kung sabihin ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa langit? 13 At walang umakyat sa langit, kundi ang nanggaling sa langit, sa makatuwid baga'y ang Anak ng tao, na nasa langit.” (Juan 3:12-13 KJV) Si Jesus, mismo ang nagsabi na Siya ay nagmula sa Langit, at inangkin Niya na maging Anak ng Dios. Nang sinabi Niyang Anak ng tao, ibig Niyang sabihin ang Anak ng Dios ay naging laman at iyon ay si Jesus.

“6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.” (Juan 14:6 KJV) Ayon sa daan, sinabi ni Jesus na Siya ang daan patungo sa Ama. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod na ibigay Niya sa kanila ang buhay na walang hanggan, ***“27 Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa akin: 28 At sila'y binibigyan ko ng walang hanggang buhay; at kailan ma'y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa aking kamay.” (Juan 10:27-28 KJV)***

Bakit dumating si Cristo? Sinabi ng anghel kay Jose na ang dahilan ng upang ipanganak si Jesus ay upang iligtas ang Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan, ***“21 At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan.” (Mateo 1:21 KJV)***

Sinabi ni Juan Bautista na si Cristo ay dumating upang alisin ang kasalanan ng sanglibutan, ***“29 Nang kinabukasan ay nakita ni Juan si Jesus na lumalapit sa kaniya, at sinabi, Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan!” (Juan 1:29 KJV)*** Sinabi mismo ni Jesus na Siya ay dumating upang maglingkod at ibigay ang Kanyang buhay bilang kabayaran para sa marami, ***“45 Sapagka't ang Anak ng tao rin naman ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa marami.” (Marcos 10:45 KJV)***

Sinabi ni Pablo kay Timoteo na si Jesus ay pumarito upang iligtas ang mga makasalanan, ***“15 Tapat ang pasabi, at nararapat tanggapin ng lahat, na si Cristo Jesus ay naparito sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanan; na ako ang pangulo sa mga ito;” (1 Timoteo 1:15 KJV)***

Bakit namatay si Cristo?

Juan 3:14-15 sinasabi na si Cristo ay itinaas sa krus upang sinumang maniwla sa Kanya ay hindi dapat mamatay kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan, ***“14 At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng tao; 15 Upang ang sinomang sumampalataya ay magkaroon sa kaniya ng buhay na walang hanggan.”***

Ito ba ay isang aksidente? Ang Kanyang kamatayan ay hindi isang aksidente. Tinanggap ni Cristo ang utos mula sa Kanyang Ama na nag utos ng Kanyang kamatayan at ibigay ang Kanyang buhay. Kaya't ibinigay Niya ang Kanyang buhay at para sa kadahilanang ito inibig Siya ng Kanyang Ama: ***“17 Dahil dito'y sinisinta ako ng Ama, sapagka't ibinibigay ko ang aking buhay, upang kunin kong muli. 18 Sinoma'y hindi nagaalis sa akin nito, kundi kusa kong ibinibigay. May kapangyarihan akong magbigay nito, at may kapangyarihan akong kumuhang muli. Tinanggap ko ang utos na ito sa aking Ama.” (Juan 10:18-18 KJV)***

Kung si Jesus, Mismo ay walang kasalanan, para kaninong kasalanan Siya namatay? Namatay Siya para sa ating mga sariling kasalanan, na dinala Niya sa Kanyang katawan, **“24 Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo.”** (1 Pedro 2:24 KJV)

Ano ang maaari nating matanggap ngayon dahil namatay si Cristo para sa atin? Tinatanggap natin ang katubusan sa pamamagitan ng Kanyang dugo at kapatawaran para sa ating mga kasalanan, **“7 Na sa kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang biyaya, 8 Na pinasagana niya sa atin, sa buong karunungan at katalinuhan,”** (Epeso 1:7-8 KJV)

Ang ibig sabihin ng pagkabuhay ni Cristo? **“1 Si Pablo na alipin ni Jesucristo, na tinawag na maging apostol, ibinukod sa evangelio ng Dios, 2 Na kaniyang ipinangako nang una sa pamamagitan ng kaniyang mga propeta sa mga banal na kasulatan, 3 Tungkol sa kaniyang Anak, na ipinanganak sa binhi ni David ayon sa laman, 4 Na ipinahayag na Anak ng Dios na may kapangyarihan ayon sa espiritu ng kabanalan, sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ng mga patay, sa makatuwid baga'y si Jesucristo na Panginoon natin,”** (Roma 1:1-4 KJV) Ang pagkabuhay ni Cristo mula sa kamatayan ay nagpahayag sa atin tungkol sa Kanya na Siya ang Anak ng Dios nang may kapangyarihan.

Posible pa kayang mamatay Siyang muli? Pagkatapos ng kanyang pagkabuhay mula sa mga patay, ang kamatayan ay wala ng kapangyarihan sa Kanya, **“9 Na nalalaman nating si Cristo na nabuhay na maguli sa mga patay ay hindi na mamamatay; ang kamataya'y hindi naghahari sa kaniya.”** (Roma 6:9 KJV)

Ano ang susi o tanda ng Kanyang kapangyarihan na mayroon si Cristo ngayon? Si Cristo ay may susi ng impierno at kamatayan, **“18 At ang Nabubuhay; at ako'y namatay, at narito, ako'y nabubuhay magpakailan man, at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades.”** (Pahayag 1:18 KJV)

Ano ang mangyayari sa lahat ng tao dahil sila'y mga inapo ni Adam? Kay Adam lahat ay mamatay, **“20 Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog. 21 Sapagka't yamang sa pamamagitan ng tao'y dumating ang kamatayan, sa pamamagitan din naman ng tao'y dumating ang pagkabuhay na maguli sa mga patay. 22 Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin. 23 Datapuwa't ang bawa't isa'y sa kaniyang sariling katayuan; si Cristo ang pangunahing bunga; pagkatapos ay ang mga kay Cristo, sa kaniyang pagparito.”** (1 Corinto 15:20-23 KJV)

Ano ang mangyayari sa mga kabilang kay Cristo? Ang mga nabibilang kay Cristo ay binuhay sa pamamagitan ni Cristo.

Ano ang kahulugan ng pagkabuhay ni Cristo? **Epeso 1:18-23** ay sinasabi sa atin na si Cristo ay umakyat sa Langit nang binuhay Niya Siya mula sa pagkamatay. **“18 Yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso, upang maalaman ninyo kung ano ang pagasa sa kaniyang pagtawag, kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng kaniyang pamana sa mga banal, 19 At kung ano ang dakilang kalakhan ng kaniyang kapangyarihan sa ating nagsisisampalataya, ayon sa gawa ng kapangyarihan ng kaniyang lakas, 20 Na kaniyang ginawa kay Cristo, nang ito'y kaniyang buhayang maguli sa mga patay, at pinaupo sa kaniyang kanan sa sangkalangitan, 21 Sa kaibaibabawan ng lahat na pamunuan, at kapamahalaan, at kapangyarihan, at pagkasakop, at sa bawa't pangalan na ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi naman sa darating: 22 At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko niya sa ilalim ng kaniyang mga paa, at siyang pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia, 23 Na siyang katawan niya, na kapuspusan niyaong pumupuspos ng lahat sa lahat.”** (Epeso 1:18-23 KJV) Ayon sa mga talata 20, 21 at 22 na pinaupo ng Dios si Cristo sa MakaLangit na mga dako at ang mahalaga niyon na inilagay ng Dios ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang paa at ibinigay sa Kanya na maging pangulo sa lahat ng mga bagay sa simbahan.

Si Cristo sa Langit ay gumagawa ng ibang bagay para sa atin; Siya ay namamagitan para sa atin sa Dios na Ama. **“Sino ang hahatol? Si Cristo Jesus na namatay, oo, yaong nabuhay na maguli sa mga patay na siyang nasa kanan ng Dios, na siya namang namamagitan dahil sa atin.”** (Roma 8:34 KJV)

Si Cristo ay babalik muli at kapag Siya ay bumalik sa Kanyang pangawalang pagparito gagawin Niya ang mga sumusunod:

1. “3 At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon.” (Juan 14:3 KJV) Ipinangako ni Cristo na inihahanda Niya ang isang lugar sa Langit para sa atin, na Siya ay paparito upang kunin tayo upang makasama Niya.

2. “2 Timoteo 4:8 sinasabi na si Cristo kapag Siya ay nagpakita ay bibigyan tayo ng putong ng katuwiran na ipinangako ng Dios sa mga naghihintay sa Kanya, “8 Buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na yaon; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa kaniyang pagpapakita.” (2 Timoteo 4:8 KJV)’

3. “26 Sapagka't ang sinomang magmakahiya sa akin at sa aking mga salita, ay ikahihiya siya ng Anak ng tao, pagparito niyang nasa kaniyang sariling kaluwalhatian, at sa kaluwalhatian ng Ama, at ng mga banal na anghel.” (Lucas 9:26 KJV) Kapag dumating si Cristo, ang mga nahihiya sa Kanya at sa Kanyang Salita, at hindi handang ipahayag ang mga ito sa mga tao sa kanilang paligid at mamuhay ayon dito, si Cristo rin ay mahihiya sa kanila sa harap ng Dios Ama. Kaya't magmakaawa kayong magsisi sa lahat ng inyong mga kasalanan, simulan ang pamumuhay ayon sa Salita ng Dios, at simulan ang pangangaral at sabihin sa iba tungkol sa Kanya at ipakalat ang Kanyang Salita.

4. “2 At siya ang pangpalubag-loob sa ating mga kasalanan; at hindi lamang sa ating mga kasalanan, kundi ng sa buong sanglibutan din naman. 3 At sa ganito'y nalalaman natin na siya'y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang kaniyang mga utos.” (1 Juan 2:2-3 KJV) Kapag dumating si Cristo, tayo ay magiging katulad Niya, at sa ganitong pag-asa ay isinasagawa natin ang ating buhay sa kabanalan at pinanatili ang ating sarili na dalisay para kay Cristo hanggang sa Siya ay dumating upang dalhin tayo sa Langit.

Sa aking mahal at minamahal: Walang nakakaalam kung kailan darating si Cristo, “36 Nguni't tungkol sa araw at oras na yaon walang makakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, kahit ang Anak, kundi ang Ama lamang. 42 Mangagpuyat nga kayo: sapagka't hindi ninyo nalalaman kung anong araw paririto ang inyong Panginoon.” (Mateo 24:36, 42 KJV) Kaya't dahil hindi natin alam ang oras na darating si Cristo, kailangan tayong kumilos at mamuhay sa kabanalan at katuwiran upang makasama siya kapag dumating siya upang dalhin tayo.

Si Cristo ay pumarito sa lupa bilang isang nakikita pagpapahayag sa Dios Ama, na ipinapakita ang Kanyang mga katangian ng kabanalan, katarungan, awa, biyaya, at pagibig. Dumating Siya upang mamatay para sa atin upang tayo ay magkaroon ng buhay. Dumating Siya bilang isang lingkod, bilang handog na kordero ng Dios. Pinili Niyang mamatay para sa atin. Ang Kanyang kamatayan ay makapagbabayad para sa ating mga kasalanan dahil Siya ay walang kasalanan. Dahil Siya ay namatay para sa atin, tayo ay maaaring mapatawad. Siya ay muling nabuhay, na nagbigay-daan para sa atin na muling mabuhay. Kung hindi muling nabuhay si Jesus, wala tayong pag-asa na muling mabuhay sa huling araw. Umakyat si Jesus sa Langit upang maghanda ng lugar para sa atin doon, Siya ay nasa kanang kamay ng Dios Ama na namamagitan para sa atin, at Siya ay muling darating at dadalhin tayo upang makasama Siya magpakailanman.

Handa ka na bang makatagpo si Jesus kapag Siya ay bumalik?

Manalangin tayo....

Ang aking Panalangin: Amang Makalangit, lumalapit ako sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus, at muling nabuhay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Salamat Panginoon dahil ipinadala mo ang iyong Anak na si Panginoong Jesucristo upang iligtas ako mula sa mga kasalanan at ngayon ang aking pangalan ay nakasulat sa Langit. Salamat Jesus para sa lahat ng iyong mga pangako sa akin, at sa lugar na inihanda mo para sa akin at darating ka upang dalhin ako at makasama ka magpakailanman.

Ipagtapat at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong mga pagdududa at kakulangan sa pananampalataya. Ipagtapat ang iyong pagkamasasabi at pag-ibig sa materyal na bagay. Ipagtapat at magsisi sa iyong mga immoralidad, pandaraya, pagnanakaw, at ang iba pang mga gawa ng laman. Magsisi sa paggawa ng iyong sariling kalooban at plano at hindi sa kalooban o plano ng Dios. Magsisi sa kakulangan ng pagbabasa sa Salita ng Dios at kakulangan sa pananalangin. Magsisi sa iyong pakikisama sa mga kaibigan, mga dinaniniwala, at sa Media, Balita at mga laro. Panginoon, patawarin mo ako, ako ay nagsisisi at itinatwa ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, ipinangako ko ang aking buhay upang mamuhay para sa iyo, upang mamuhay sa kabanalan, maglingkod sa iyo, maiging magandang halimbawa sa iba upang sundan ka. Panginoon, salamat sa iyong biyaya at awa at salamat sa lahat ng materyal at espirital na mga pagpapala na aking natanggap mula sa iyo.

Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na gamitin ang lahat ng ibinigay mo sa akin sa iyong serbisyo at ministryo. Panginoon, protektahan mo ako mula sa masama at patuloy na magbigay sa akin hanggang sa dumating ka upang dalhin kami sa Langit.

Panginoon, salamat sa aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ibinigay ang kanilang mga buhay sa iyo. Pagpalain mo sila, protektahan mo sila at tugunan ang kanilang mga pangangailangan at hayaang sila'y lumago sa iyo. Panginoon, puspusin mo sila ng Espiritu Santo at bigyan sila ng mga Espiritwal na kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay at gamitin sila upang maglingkod sa iyo.

Panginoon, pagpalain Mo kami bilang Iyong simbahan at tulongan Mo kaming magpatuloy at maglingkod sa Iyo na ipinapahayag ang Iyong Salita at Iyong kalooban sa mga tao. Panginoon, puspusin Mo kami muli ng Espiritu Santo at bigyan Mo kami ng mga Espiritwal na kaloob na kailangan namin sa aming mga buhay upang makapaglingkod sa Iyo. Panginoon, patuloy Mo kaming patnubayan sa pag eevangelio pag-abot sa mga bagong lugar at bagong tao sa pamamagitan ng evangelio ni Jesus. Panginoon, tulongan Mo kaming ipagpatuloy sa paggawa ng mga bagong alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa at magtayo ng mga bagong pag-aaral sa Bibliya at mga bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin para sa mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig at tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo. Panginoon, ihanda Mo kami para sa Iyong pagdating upang makasama Ka kapag bumalik Ka upang dalhin kami. Panginoon, kunin Mo ang mensahe at ipalaganap ito. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaatang lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

